Republic of the Philippines
Department of Transportation
LAND TRANSPORTATION FRANCHISING & REGULATORY BOARD
East Avenue, Quezon City

MEMORANDUM CIRCULAR
NUMBER 2020-003

PAKSA: MGA PANUNTUNAN SA POLISIYA NA NAGPAPAHINTULOT SA MGA ALAGANG HAYOP SA LOOB NG PAMPUBLIKONG SASAKYAN BATAY SA MEMORANDUM CIRCULAR NO. 2019-019

SINASAAD, noong Abril 15, 2019, ng Board, alinsunod sa kapangyarihan nito upang magsulong, mangasiwa at magpatupad ng mga patakaran at regulasyon sa mga transportasyon sa kalupaan ayon sa Memorandum Circular No. 2019-019;

SINASAAD, batay sa nasasaad na Memorandum Circular na pinapahintulutan ang mga alagang hayop sa mga pampublikong sasakyan batay sa kuwalipikasyon bilang 1, kung saan:

"1. Dapat ay nasa loob ng hawla o pet carrier/cage ang alagang hayop, at nakalagay ito sa mga itinalagang kompartimento ng pampublikong sasakyan, lalo na kung may ibang pasahero sa loob ng sasakyan."

SINASAAD, sa polisiya sa itaas na dapat ang mga hawla o carriers/cages ay nakalagay sa itinalagang kompartimento xxx dahil sa mga natanggap na negatibong reaksyon mula sa mga animal advocates;

SINASAAD, na ang pangunahing pag-aaalala ng Board, ay ang kaligtasan at kaginhawaan ng ibang pasahero sa loob ng pampublikong sasakyan, habang isinaaalang-alang na hindi kasama sa disenyo ng mga sasakyan ang animal compartment na may tamang bentilasyon;

SAMAKATUWID, tinitimbang ng Board ang mga isyu ng mga ordinaryong pasahero at mga pasahero na may alagang hayop, **NIRERESOLBA** ayon sa **NALUTAS**, na **PINAPAYAGAN** ang mga alagang hayop (katulad ng aso at pusa) na isakay sa mga pampublikong sasakyan, batay sa nakasaad sa Memorandum Circular No. 2019-019 na:

1. Isasakay ang alagang hayop sa mga pampublikong sasakyan katulad ng PUB, PUJ, UV Express at Premium Point-to-Point (P2P), ng hindi nakokompromiso ang kalusugan, kaligtasan at kaginhawaan ng ibang pasahero, at ilalagay sa loob ng hawla o carrier/cage na walang amoy;

2. Marapat na suotan ng animal diaper ang alaga upang mapanatili ang kalinisan habang bumabyahe.

Ang Memorandum Circular na ito ay humahalili sa lahat ng mga nauna at sumasalungat na mga polisiya. Ito ay epektibo ng labinlimang (15) araw matapos na maisumite ang tatlong (3) kopya sa UP Law Center alinsunod sa Presidential Memorandum Circular No. 11 petsa October 9, 1992.

Quezon City, Philippines.

ATTY. MARTIN B. DELGARA, III
Chairman

ENGR. RONALDO E. CORPUS
Board Member

P/Maj. Gen. ANTONIO N. GARDIOLA, JR. (Ret.)
Board Member

Attested By:

COL. RENWICK R, RUTAQUIO (Ret.)
Regional Director/OIC-Executive Director